# TIPS SA MAHUSAY NA GAWAING PANTAHANAN

- Gumawa ng daily at weekly tasks sa paglilinis
- Tanggalin ang mga nakakalat na gamit
- Ilista nang maaga ang mga menu na maaaring lutuin
- Panatilihin ang mahusay na paggamit ng household utilities (Tubig, Kuryente, atbp.)
- Unahin ang bahagi ng tahanan na mahirap linisin
- Ilagay nang maayos sa food storage/ refrigerator ang mga pagkain
- Ihiwalay ang puting damit sa dekolor sa paglalaba
- Sulitin ang mataas na sikat ng araw sa pagpapatuyo ng labahin
- Maglaba ng isang beses sa isang linggo, kung maaari

## Productive WORK VALUES

SYSTEMATIC · INNOVATIVE · INDUSTRIOUS · TIME-CONSCIOUS · strong VALUE for work

- **I** Industrious / Masipag
- **S** Systematic / Maparaan
- **T** Time-conscious / May pagpapahalaga sa Oras
- **I** Innovative / Mapagkatha o Maabilidad
- **V** strong Value for work / May pagpapahalaga sa trabaho

PRODUKTIBONG KASAMBAHAY KAAGAPAY SA PAMUMUHAY

# KASAMBAHAY MINIMUM WAGE

Ang buwanang sahod ng kasambahay ay dapat kapantay o mas mataas sa itinakdang halaga sa isang rehiyon.

| Region | Wage Orders | New Monthly Minimum Wage Rate | Effectivity Date |
|---|---|---|---|
| NCR | NCR-DW-06 | ₱7,800 | 07 Feb. 2026 |
| CAR | CAR-DW-07 | ₱6,600 | 30 Dec. 2025 |
| I | RB 1-DW-06 | ₱6,700 | 19 Nov. 2025 |
| II | 02-DW-07 | ₱6,500 | 05 Nov. 2025 |
| III | RBIII-DW-05 | ₱6,500 | 30 Oct. 2025 |
| IV-A | RB-IVA-DW-05 | ₱6,750 | 07 March 2025 |
| IV-B | RB-MIMAROPA-DW-06 | ₱7,000 | 01 Jan. 2026 |
| V | RBV-DW-04 | ₱6,000 | 05 April 2025 |
| VI | RBVI-DW-07 | ₱6,500 | 19 Nov. 2025 |
| VII | ROVII-DW-05 | ₱7,000 | 04 Oct. 2025 |
| VIII | RBVIII-DW-06 | ₱5,800 - ₱6,400 | 08 Dec. 2025 |
| IX | RIX-DW-05 | ₱5,000 - ₱5,500 | 03 April 2025 |
| X | RBX-DW-06 | ₱6,500 | 16 Jan. 2026 |
| XI | RB XI-DW-03 | ₱5,000 - ₱6,000 | 06 March 2024 |
| XII | RB XII-DW-05 | ₱6,000 | 02 Nov. 2025 |
| XIII | RXIII-DW-06 | ₱6,500 | 03 Jan 2026 |

**Para sa karagdagang kaalaman at impormasyon, bisitahin ang NWPC website at Facebook page**

**www.nwpc.dole.gov.ph**

**www.facebook.com/dole.nwpc**

**I-scan ang QR code para sa updated minimum wage rates ng mga *kasambahay.***

PRODUCTIVITY toolbox
'pag PRODUKTIBO, AASENSO!



PRODUKTIBONG KASAMBAHAY KAAGAPAY SA PAMUMUHAY

# Produktibong KASAMBAHAY
KAAGAPAY SA PAMUMUHAY

DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
**NATIONAL WAGES AND PRODUCTIVITY COMMISSION**
REGIONAL TRIPARTITE WAGES AND PRODUCTIVITY BOARDS

National Wages and Productivity Commission · BAGONG PILIPINAS

nwpc.dole.gov.ph · dole.nwpc · NWPC_Viber

# KARAPATAN NG Kasambahay

## REPUBLIC ACT NO. 10361

**(Batas Kasambahay)**

Ang batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga "Domestic Workers"

## EMPLOYER

Tao at kanyang pamilya na pinaglilingkuran ng isang kasambahay sa isang tahanan

## MAITUTURING NA KASAMBAHAY

Kasambahay na maituturing kung nagtatrabaho sa mga pantahanang gawain tulad ng mga sumusunod:

- All-around kasambahay
- Tagapagluto
- Tagapaglaba
- Tagapag-alaga ng bata/ matanda/ may sakit
- Tagapag-alaga ng halaman

## HINDI KASAMBAHAY

Hindi maituturing na kasambahay ang mga sumusunod at HINDI rin sila saklaw ng Batas Kasambahay:

- Service Providers
- Family Drivers
- Mga nagsasagawa ng gawaing pantahanan nang paminsan-minsan o hindi tuluy-tuloy, at hindi bilang pangunahing hanapbuhay



### EMERGENCY HOTLINE

**911** - National Emergency Hotline
**117** - Philippine National Police
**143** - Philippine Red Cross
**(02) 8426-0219 or (02) 8426-3812** - Bureau of Fire Protection
**1349** - DOLE Hotline

## KONTRATA

May obligasyon ang **employer** na magbigay ng kopya ng kontrata sa:

- Kasambahay
- Punong barangay kung saan naninirahan ang employer

### NILALAMAN NG KONTRATA?

- Mga tungkulin at responsibilidad;
- Petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng kontrata;
- Sahod o kabayaran;
- Mga pinahihintulutang kaltas;
- Oras ng trabaho at kaukulang karagdagang bayad;
- Mga araw ng pahinga at pinahihintulutang mga leave;
- Tirahan, pagkain, at serbisyong medikal;
- Mga kasunduan hinggil sa gastusin sa deployment, kung mayroon;
- Kasunduan sa utang, kung mayroon;
- Iba pang makatarungan at legal na kondisyon na napagkasunduan

## SAHOD AT 13TH MONTH PAY

### SAHOD

Ang kasambahay ay dapat bayaran ng pera (cash), isang (1) beses kada buwan.

### 13TH MONTH PAY

Ang 13th month pay ay dapat bayaran sa ika-24 ng Disyembre o mas maaga. Ito ay katumbas ng kabuuang sweldo na kinita ng kasambahay sa loob ng isang taon na hahatiin sa 12 buwan.

### MGA HINDI DAPAT


- Sweldo sa pamamagitan ng bale, pagsasanla, kupon, token, tiket, chit o ano mang uri maliban sa pera (cash)
- Pag-ipit ng sahod ng kasambahay
- Pangingialam ng employer sa pag-gastos sa sweldo ng kasambahay

## Mga BENEPISYO ng kasambahay



Bukod sa mga karapatang tumanggap ng monthly minimum wage, arawang oras ng pahinga (kabuuang 8 oras), at lingguhang pahinga na 24 oras (tuloy-tuloy), ang mga benepisyo ng kasambahay ay ang mga sumusunod:

✓ 5 araw na taunang service incentive leave na may bayad
✓ 13th month pay
✓ Mga benepisyo sa SSS
✓ Mga benepisyo sa PhilHealth
✓ Mga benepisyo sa Pag-IBIG



### IBA PANG KARAPATAN AT PRIBILEHIYO NG KASAMBAHAY

✓ Maayos at patas na pakikitungo
✓ Board at lodging at atensyong medical
✓ Karapatan sa privacy
✓ Access sa mga pasilidad pang komunikasyon
✓ Oportunidad sa edukasyon at pagsasanay
✓ Karapatang magkaroon ng kopya ng kontrata
✓ Karapatang makakuha ng Certificate of Employment
✓ Kalayaan ng pag-gastos sa sweldo ng walang pag-hadlang ng employer

### PRODUCTIVITY INCENTIVES

Insentibo o dagdag benepisyo para sa mahusay at dekalidad na serbisyo ng kasambahay na maaaring ibigay ng employer o base sa pag-uusap ng kasambahay at employer.

### MGA HALIMBAWA NG PRODUCTIVITY INCENTIVES

**Monetary:**

- Cash

**Non-monetary:**

- Grocery Package/Items
- Gift/Food Certificates
- Free Travel Package
- Hotel Accommodation
- Gifts o Tokens

